# OFFICE OF THE SANGGUNIANG BAYAN
## Sta. Cruz, Laguna

SINIPI SA KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG KAGALANG-GALANG SANGGUNIANG BAYAN NG SANTA CRUZ, LALAWIGAN NG LAGUNA NA IDINAOS NOONG PEBRERO 22, 2021, LUNES, IKA-09:30 NG UMAGA, SA BATASANG BAYAN, GUSALING ESCOLAPIA, SANTA CRUZ, LAGUNA

DUMALO:

| | | |
|---|---|---|
| Kagalang-galang LAARNI A. MALIBIRAN | . . . . . | PANG. PUNONG BAYAN<br>Tagapangulo |
| Kagalang-galang Louie C. De Leon | . . . . . | Kagawad |
| Kagalang-galang Ambiel John C. Panganiban | . . . . . | Kagawad |
| Kagalang-galang Lea A. Almarvez | . . . . . | Kagawad |
| Kagalang-galang Ramon D. Tan | . . . . . | Kagawad |
| Kagalang-galang Mark Anthony P. Joven | . . . . . | Kagawad |
| Kagalang-galang Efren L. Diaz | . . . . . | Kagawad |
| Kagalang-galang Lucena R. Odejar | . . . . . | Kagawad |
| Kagalang-galang Alan T. Pamatmat | . . . . . | Kagawad |
| Kagalang-galang Patrocinia S. Kalaw | . . . . . | Kagawad/ABC Federation President |
| Kagalang-galang Regine S. Regalado | . . . . . | Kagawad/ SK Federation President |

SANGGUNIANG BAYAN RECORDED 16 MAR 2021 STA. CRUZ, LAGUNA

OFFICE OF THE SANGGUNIANG BAYAN RELEASED NAME DATE 3/16/21 TIME STA. CRUZ, LAGUNA

**KAPASIYAHAN BLG. 166-T2021**

**KAPASIYAHANG PINAGTITIBAY ANG KAPASIYAHAN BLG. 679-T2020 / KAUTUSAN SA PAGLALAAN BLG. 09-T2020 NG SANGGUNIANG BARANGAY NA NAGKAKAHALAGA NG ISANG DAAN WALUMPU'T ANIM NA LIBO ISANG DAAN TATLUMPU'T WALONG PISO AT LIMAMPUNG SENTIMOS (P186,138.50) MULA SA LIMANG BAHAGDAN (5%) PONDO SA KALAMIDAD NANG TAONG 2021 PARA SA BARANGAY DISASTER RISK REDUCTION MANAGEMENT (BDRRM) PLAN NG BARANGAY SAN JOSE.**

**SAPAGKAT,** ang Kapasiyahan Blg. 679-T2020 / Kautusan sa Paglalaan Blg. 09-T2020 ng Barangay San Jose ay iniliwat sa sangguniang ito, na nagpapatibay ng halagang P186,138.50 mula sa limang bahagdang (5%) pondong Kalamidad nang taong 2021 para sa BDRRM Plan, na ang 70% nito ay inilaan sa Disaster Preparedness (P130,296.95) at ang 30% naman ay para sa Quick Response (P55,841.55) ng Barangay San Jose, ayon sa pagsunod sa Philippine Disaster Risk Reduction Management Act of 2010 o RA 10121;

**SAPAGKAT**, ito ay tinalakay ng mga Lupon sa Pananalapi, Badyet at Paglalaan at Lupon sa Barangay Affairs para sa pag-aaral at pagsusuri;

**SAPAGKAT**, matapos ang pagtalakay at malaman ang kahalagahan ng paglalaan ng pondo para sa paghahanda at biglaang pangangailangan ng barangay ay iminungkahi ng Tagapamuno ng kaukulang lupon ang pagpapatibay sa nasabing kapasiyahan ng barangay.

**KUNG KAYA'T, DAHIL DITO**, sa mungkahi ni Kagalang-galang Louie C. De L eon (Tagapamuno ng Lupon sa Pananalapi, Badyet at Paglalaan), na pinangalawahan nina Kgg. Ambiel John C. Panganiban, Kgg. Ramon D. Tan, Kgg. Mark Anthony P. Joven, Kgg. Lucena R. Odejar, Kgg. Regine S. Regalado at Kgg. Patrocinia S. Kalaw at sa buong pagsang-ayon ng mga kasapi ng Sangguniang Bayan, ay

**PINAGPASIYAHANG:** Pagtibayin ang Kapasiyahan Blg. 679-T2020 / Kautusan sa Paglalaan Blg. 09-T2020 ng Sangguniang Barangay na nagkakahalaga ng P186,138.50 mula sa limang bahagdan (5%) pondo sa kalamidad nang taong 2021 para sa Barangay Disaster Risk Reduction Management (BDRRM) Plan ng Barangay San Jose.

**INIUUTOS** : Na padalhan ng sipi ng kapasiyahang ito ang Kagalang-galang Punong Bayan, Pambayang Ingat-Yaman, Pambayang Pinuno sa Badyet, Pambayang Tagatuos at Sangguniang Barangay San Jose, lahat sa bayang ito, para sa kanilang kabatiran at kaukulang hakbang.

**PINAGTITIBAY. Pebrero 22, 2021**

**PINATUTUNAYAN** kong tumpak at wasto ang nasasaad sa kapasiyahang ito.

**MARIA TERESA ROBLES-LABOG**
Kalihim ng Sangguniang Bayan

NAGPATOTOO:

**KGG. LAARNI A. MALIBIRAN**
Pang. Punong Bayan
Tagapangulo

PINAGTIBAY:

**KGG. EDGAR S. SAN LUIS**
Punong Bayan